

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Silangang Mindoro  
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-19 NG NOB-YEMBRE, 1993 9:00 A.M. SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Pang. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo  
Kagawad Cesar T. Baticos  
Kagawad Honesto O. Taytay  
Kagawad Crisencio S. Calma  
Kagawad Bernabe S. Mortel  
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.  
Kagawad Ranulfo C. Bernal  
Kagawad Jesus S. Dela Cruz - Pangulo, ABC  
Kagawad Lorna F. Dimapilis - Pangulo, SK

Hindi Dumalo:

Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.  
Kagawad Ferdinand V. Talens

KAPASYAHAN BLG. 73  
Taong 1993

KAPASYAHANG IPINAAABOT SA KGG. GELACIO I. YASON,  
PUNONG BAYAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO NG MULING  
PAGKAKARON NG ILIGAL NA SUGAL (PINGPONG) SA  
ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang mga iligal na sugal tulad ng pingpong ay tahasang kinukundena ng mga namumuno ng pamahalaang lokal at mga mamamayan ng bayang ito bilang isang masamang impluwensya at sakit ng lipunan;

SAPAGKA'T, lubhang napakalaki ang epektong nagagawa nito sa mga kabataan at katandaan man, sa kanilang kabuhayan, mga pagpapahalaga, paninindigan at pananaw sa buhay at pakikipagkapwa;

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay laganap na naman ang sugal na pingpong sa bayang ito kung saan ang napakaraming naaakit ay mga estudyante at mga kabataang siyang malimit na laman ng mga pasugalang ito;

SAPAGKA'T, ang ganitong mga sitwasyon ay simula pa lamang ng higit pang mga di-kanais-nais na mga gawaing sumisira sa pagkatao, pagpapahalaga, prinsipyo at kinabukasan ng mga kabataan ng bayang ito; at

SAPAGKA'T, ang kapulungang ito ay tandisang tumutuligsa at kumukundena sa mga iligal na gawaing ito at sa kasalukuyan ay ang pingpong sa Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Lorna F. Dimapilis na pinangalawahan ni Kagawad Arnulfo C. Bernal -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Kgg. GELACIO I. YASON, Punong Bayan, Roxas, Silangang Mindoro ng muling pagkakaroon ng iligal na sugal (pingpong) sa Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. GELACIO I. YASON, Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at maagap na pag-aksyon.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Puno ng Pulisya ng bayang ito, SPO4 Arnulfo G. Sison, Jr. para sa kanyang kaalaman at nararapat na pagkilos.


Pinagtibay ng lahat.

19 Nobyembre, 1993


-----  
PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng nilalaman ng kapasyahang ito.

  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

  
GELACIO I. YASON  
M Punong Bayan

merz/  
120393